# Pisikal na Pag-unlad

**Ang lahat ng mga bata ay natatangi at umuunlad sa kanilang sariling bilis.** Ngunit may ilang mga tipikal na kaganapan na nagmamarka ng pag-unlad sa karamihan ng mga sanggol.

Sa kanyang unang ilang buwan, ang iyong sanggol ay matutulog ng mga 15 oras bawa't araw. Ang kanyang paningin at pandinig ay tatalas, at ang utak niya ay magpapatuloy na umunlad.

## Unang buwan

- bumababa ang timbang pagkatapos ng kapanganakan, pagkatapos ay nagsisimulang bumigat ng 120 hanggang 240 gramo (¼ hanggang ½ lb) bawa't linggo
- kailangang suportahan ang ulo
- nakikilala ang iyong boses at nagugulat sa ingay

## Ika-2 buwan

- itinataas ang ulo nang kalahati habang nakahiga sa tiyan
- ibinubuka ang mga kamay
- magkasabay na iginagalaw ang mga mata at pinapanood ang mga gumagalaw na bagay
- umaabot sa mga bagay at hinahawakan ang mga ito sa isang maikling panahon

## Ika-3 buwan

- nag-iinat ng mga braso at mga binti
- gumulong mula sa likod hanggang sa gilid
- tinataas ang ulo upang manood at makinig
- humahawak ng mga bagay ng mas mahabang panahon
- humahampas gamit ang mga braso
- panandaliang inilalagay ang bigat sa mga binti
- maaaring magkaroon ng unang ngipin

## Ika-4 na buwan

- tumatayo nang may tulong
- gumulong mula sa harapan hanggang sa gilid
- nakakaupo nang nakakusmano
- halos naitataas nang lubos ang ulo

## Ika-5 buwan

- gumulong mula sa harapan hanggang sa likuran
- hinahawakan ang mga daliri ng paa at mga paa
- kumikislot na pasulong sa sahig
- nakakaabot na may mabuting layon
- naipapasa ang mga bagay mula sa bawa't kamay

## Ika-6 na buwan

- naitatayo nang matatag ang ulo
- nakakaupo ng tuwid ang likod kapag tinukuran
- hinahawakan at pinag-aaralan ang mga maliliit na bagay
- gumulong sa parehong direksyon
- ang timbang ay dalawang beses kaysa sa pagsilang

### ALAM MO BA

Ang iyong bagong sanggol ay maaaring makapagsabi ng liwanag mula sa dilim, makita ang mga hugis at mga pattern at sandaling makapagtuon ng pansin sa mga bagay na 18 hanggang 45 cm (7 hanggang 18 pulgada) ang layo.

### PANGANIB

Ang iyong sanggol ay maglalagay ng anumang bagay sa kanyang bibig, kaya bigyan lamang siya ng mga bagay na masyadong malaki upang hindi malunok.

### TAGAPAGBUO NG UTAK

- Humawak ng mga maliliwanag na bagay na gumagawa ng ingay kapag hinampas niya.
- Iparamdam sa kanya ang iba-ibang mga pagkayari.
- Maglaro sa harapan ng isang salamin.

### SUBUKAN ITO

Gumawa ng maraming oras para sa balat-sa-balat na kontak, mga paglalakad kasama ang iyong sanggol sa sariwang hangin, pinangasiwaang mga pagpaligo at oras ng pagdapa sa tiyan (tingnan ang Malusog na mga Gawi).